# PAGPAPAGAL SA NAGPAPALOOB NG LAHAT NA KRISTO NA ISINASAGISAG NG MABUTING LUPAIN PARA SA PAGTATAYO NG EKKLESIA BILANG KATAWAN NI KRISTO, PARA SA REALIDAD AT SA PAGPAPAKITA NG KAHARIAN, AT PARA SA PAGHAHANDA NG KASINTAHANG BABAE NG KANYANG SARILI PARA SA PAGDATING NG PANGINOON

## MGA SUSING PANGUNGUSAP

Upang maunawaan ang kahulugan
ng pagpasok ng mga Israelita sa Canaan at ng digmaan sa Canaan,
kailangan nating malaman na ang Canaan ay may dalawang panig na kahulugan sa tipolohiya:
sa positibong panig, ang Canaan, isang lupain ng kayamanan,
ay sumasagisag sa nagpapaloob ng lahat ng Kristo kalakip ang Kanyang di-malirip na kayamanan;
sa negatibong panig, ang Canaan ay sumasagisag sa panghimpapawid na bahagi,
ang makalangit na bahagi, ng madilim na kaharian ni Satanas,
ang sangkalangitan na punô ng mga puwersa ni Satanas.

Upang lubusang maangkin si Kristo bilang mabuting lupain,
kailangan nating mag-ingat na magkaroon ng isang masamang puso na walang pananampalataya;
kailangan nating ensayuhin ang ating espiritu ng pananampalataya
at panatilihin ang ating puso na nakabaling sa Panginoon
upang sumampalataya nang buong puso sa Kanyang mga pangako,
upang sumampalataya na kasama Siya ng Kanyang bayan,
at upang sumampalataya na kayang-kaya nating manaig.

Nagtatabi ang bayan ng Israel ng ilang bahagi
ng kanilang bunga mula sa pagpapagal sa mabuting lupain
para sa layuning sambahin ang Diyos;
kung tapat tayong magpapagal sa nagpapaloob ng lahat na Kristo,
matataglay natin ang kayamanan ni Kristo bilang bunga
upang itanghal sa ekklesia at magkakaroon ng labis na Kristo
upang dalhin sa mga pagpupulong ng ekklesia para sa sama-samang pagsamba sa Diyos
sa espiritu at sa katotohanan.

Ang buháy na salita ng Diyos ay dapat tumagos tungo sa ating katauhan at mailigtas tayo
mula sa ating nag-aalinlangang kaisipan at nagpapagala-galang kaluluwa
tungo kay Kristo bilang Sabbath na kapahingahan sa ating espiritu;
hindi tayo dapat maging yaong mga nagpapaurong-sulong sa paggagala ng ating kaluluwa,
kundi kailangan nating itatwa ang kaluluwa at sumulong tungo sa ating espiritu
upang makabahagi at matamasa ang makalangit na Kristo
nang sa gayon ay makalahok tayo
sa kapahingahan ng kaharian ng Kanyang paghahari sa milenyum.

*© 2023 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Pakikipaglaban para sa Mabuting Lupain

Babasahin sa Kasulatan: Jos. 1:2-6, 13; Efe. 2:2; 6:12; Col. 1:12-13

**I. Kung maingat nating babasahin ang mga Kasulatan, makikita natin na mayroong labanan para sa mabuting lupain—Jos. 1:2-6, 13:**

A. Ginagawa ni Satanas, ang kaaway ng Diyos, ang lahat upang pigilan ang bayan ng Diyos sa pag-angkin at pagtatamasa kay Kristo bilang mabuting lupain—Efe. 2:2; 6:12.

B. Ang lahat ng digmaan sa Lumang Tipan ay hinggil sa mabuting lupain—Jos. 1:2-6; 5:11—6:27.

**II. Upang maunawaan ang kahulugan ng pagpasok ng mga Israelita sa Canaan at ng pakikipagdigma sa Canaan, kailangan nating malaman na ang Canaan ay may dalawang panig na kahulugan sa tipolohiya—Col. 1:12; Efe. 1:3; 2:2; 6:12:**

A. Sa positibong panig, ang Canaan, isang lupain ng mga kayamanan, ay isinasagisag ng nagpapaloob ng lahat na Kristo kalakip ang Kanyang di-malirip na mga kayamanan—Deut. 8:7-10; Col. 1:12; Efe. 3:8:

1. Ang mabuting lupain ay ang sukdulang sagisag ni Kristo na matatagpuan sa mga Kasulatan—Deut. 8:7.
2. Ang mabuting lupain, ang lupain ng Canaan, ay isang sagisag ni Kristo na siyang lahat at nasa lahat at siyang lahat-lahat sa atin—Efe. 3:8.
3. Sa Biblia, ang lupain ay isang sagisag, isang simbolo, ni Kristo—Gen. 1:9; 2 Ped. 3:5:
    a. Ang lupain na lumabas mula sa mga tubig ng kamatayan sa ikatlong araw sa Genesis 1:9-10 at 13 ay isang sagisag ng nabuhay na muling Kristo na lumabas mula sa kamatayan sa ikatlong araw.
    b. Ang intensiyon ng Diyos na ipinahayag sa mga Kasulatan ay yaong si Kristo ay dapat nating maging lupain—Deut. 8:7-10.

B. Sa negatibong panig, isinasagisag ng Canaan ang bahaging himpapawid, ang makalangit na bahagi, ang madilim na kaharian ni Satanas, ang sangkalangitan na puno ng mga puwersa ni Satanas—Efe. 2:2; 6:12:

1. Si Satanas ay mayroong kanyang awtoridad at kanyang mga anghel, na kanyang mga nasasakupan bilang mga pamunuan, mga kapangyarihan, at mga pinuno ng kadiliman ng sanlibutang ito; kaya, mayroon siyang kanyang kaharian, ang awtoridad ng kadiliman—Gawa 26:18; Mat. 12:26; 25:41; Efe. 6:12; Col. 1:13.
2. Hanggang sa araw na ito, tinatalukbungan ng masasamang puwersa ang pagiging nagpapaloob ng lahat ni Kristo sa bayan ng Diyos—2:8, 18; 2 Cor. 4:4.
3. Ipinahihiwatig ng aklat ng Efeso na sa sangkalangitan ay mayroong iba't ibang mga suson—1:3; 2:2; 6:12:

a. Si Kristo ay nasa pinakamataas na suson, ang ikatlong langit, upang maging ating lahat-lahat bilang ating mabuting lupain—Deut. 8:7-10.

b. Mayroong mas mababang suson ng sangkalangitan—ang himpapawid, kung saan binibigo ni Satanas bilang pinuno ng awtoridad ng himpapawid ang mga tao sa lupa na makaugnay ang Diyos at matanggap si Kristo; ito ay isinasagisag ng mga Cananeo, na bumibigo sa Israel sa pagpasok sa mabuting lupain—Efe. 2:2.

4. Ang mga Cananeo ay sumasagisag sa mga natisod na anghel, ang mga rebeldeng anghel na sumunod kay Satanas, na naging mga kapangyarihan, mga pinuno, at mga awtoridad sa kaharian ni Satanas, ang mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa sangkalangitan—Apoc. 12:4, 7; Efe. 6:12.

**III. Ang iba't ibang mga paganong lipi na umookupa sa lupain ay sumasagisag sa iba-ibang mga aspekto ng ating natural na buhay:**

A. Ang mga diyos (mga diyos-diyosan) ng mga paganong lipi (Exo. 23:24), kasama ang mga demonyo sa likuran nila (cf. 1 Cor. 10:20), ay kumakatawan sa mga espiritwal na puwersa ng kasamaan (Efe. 6:12).

B. Sa likuran ng ating natural na buhay ay naroon ang mga puwersa ng kasamaan (cf. Mat. 16:23, talababa 1), na gumagamit, nagmamanipula, at namamahala sa mga aspekto ng ating natural na buhay upang biguin tayo na maangkin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo at matamasa ang Kanyang mga kayamanan.

C. Dahil binibigo tayo ng natural na buhay sa pag-angkin kay Kristo at pagtatamasa sa Kanya, dapat nating kamuhian ito (Luc. 14:26) at, habang lumalago tayo kay Kristo, ay maging laan na palayasin ito.

D. Hindi puputulin ng Diyos ang ating natural na buhay, na isinasagisag ng mga paganong lipi, nang bigla lahat, dahil iiwan tayo nitong hungkag sa panloob at nasa panganib na magapi ng mga demonyo, na isinasagisag ng mga hayop sa bukid—Exo. 23:29; cf. Mat. 12:43-45:

1. Pinuputol ng Diyos ang ating natural na buhay nang dahan-dahan, unti-unti, ayon sa antas ng ating paglago sa dibinong buhay—Exo. 23:30.
2. Lalong dumarami si Kristo sa loob natin, lalo Niyang hahalinhan ang ating natural na buhay.

E. Nangako ang Diyos na palalayasin ang mga paganong lipi (bb. 29-30), ngunit dapat makipagtulungan ang bayan ng Diyos sa Kanya sa pamamagitan ng pagkuha ng pagkukusang lipulin sila—bb. 31-33; cf. Roma 8:13; Gal. 5:24; Col. 3:5; Fil. 2:12-13.

F. Lalong dumarami si Kristo sa loob natin, lalong magagawa nating makipagtulungan sa Diyos sa pagpapalayas sa natural na buhay.

**IV. Kung aangkinin natin ang mabuting lupain para sa katuparan ng layunin ng Diyos, kailangan nating makipaglaban sa espiritwal na pakikipagdigma upang talunin ang mga makasatanas na puwersa—Jos. 6:21:**

PAKIKIPAGLABAN PARA SA MABUTING LUPAIN

Mensahe Isa (pagpapatuloy)

A. Kailangan nating matanto ang pangangailangan para sa espiritwal na pakikipagdigma—isang digmaan sa pagitan ng kaharian ni Satanas at ng kaharian ng Diyos—Mat. 6:10; 7:21; 12:26, 28; Isa. 14:12-14.
B. Nang handa na ang Israel upang angkinin ang lupain ng Canaan, ang lupain ay puno ng mga taong inaalihan ng demonyo, mga sumasamba sa diyos-diyosan, at mga Nefilim—Bil. 13:33.
C. Dahil ang mga Nefilim, na pinaghalong mga natisod na anghel at mga natisod na tao, ay nananahan sa lupain ng Canaan, iniutos ng Diyos sa mga anak ni Israel na sakupin ang lupaing ito at lipulin ang bawat buháy na nilalang doon upang ang sangkatauhan ay malinis—Deut. 7:1-2:
    1. Ayon sa dibinong kaisipan, ang mga bansa sa lupain ng Canaan ay dapat puksain dahil sila ay malademonyo at nakipagsanib sa mga demonyo—b. 2; Jos. 11:21-22; 14:6-14.
    2. Ang mga Cananeo ay sumasagisag hindi lamang sa mga natisod na anghel bagkus sa mga tao na nakipaghugpong ng kanilang sarili sa masasamang espiritu, sa mga makasatanas na kapangyarihan ng kadiliman sa himpapawid—Bil. 14:45.
D. Ang mga hari ng Arad (21:1), ng mga Amoreo (b. 21), at ng Basan (b. 33) ay ang mga "tagapagbantay ng tarangkahan" sa silangan ng Jordan, nagbabantay sa lupain ng Canaan, ang kaharian ng kadiliman, para kay Satanas:
    1. Ang mga haring natalo ng hukbo ng Diyos ay sumasagisag sa mga pinuno, mga awtoridad, at mga pinuno ng sanlibutan ng kadiliman, na sa mga ito tayo ay dapat makipagbaka—Efe. 6:12.
    2. Upang makapasok ang mga anak ni Israel sa mabuting lupain, kailangan nilang dumaan sa teritoryong kontrolado ng mga haring ito at kailangang labanan sila, lipulin sila, at sakupin ang kanilang teritoryo.
    3. Upang matamo ang di-malirip na mga kayamanan ni Kristo, dapat nating durugin ang mga espiritwal na kaaway na isinagisag ng hari ng Arad, ni Sihon na hari ng mga Amoreo, at ni Og na hari ng Basan—3:8; 6:10-12.
E. Inilalarawan ng pakikipaglaban ng Israel sa mga nakatira sa lupain ang di-nakikitang espiritwal na pakikipagdigma na nagaganap sa likuran ng nakikitang pangyayari sa lupa—Dan. 10:10-21; Efe. 6:10-20:
    1. Mahalaga para sa atin na makita na sa likuran ng pangyayari ay nagaganap ang isang espiritwal na pakikipagbaka, isang pakikipagbaka na hindi nakikita ng mga mata ng tao.
    2. Karagdagan sa digmaan sa lupa, ay mayroong digmaan sa pagitan ng Diyos at ng mga makasatanas na puwersa sa himpapawid—2:2; 6:12.
F. Ang pakikipaglaban ng mga anak ni Israel sa mga Cananeo upang maangkin at matamasa nila ang mabuting lupain ay sumasagisag sa espiritwal na pakikipagdigma ng ekklesia sa kabuoan, kasama ang lahat ng sangkap, laban sa "mga espiritwal na puwersa ng kasamaan sa sangkalangitan" (b. 12) upang matamasa ng mga banal si Kristo bilang nagpapaloob ng lahat na lupain.

Mensahe Isa (pagpapatuloy)

G. Si Kristo ang ating mabuting lupain, at nais ng Diyos na tamuhin natin si Kristo, subalit may isang suson na malademonyo, mga makademonyong puwersa sa pagitan natin at ng mabuting lupain; kung aangkinin natin ang mabuting lupain para sa ating pagtatamasa, dapat nating talunin ang mga makasatanas na puwersang ito—Col. 1:12-13; 2:15; Efe. 3:18; 6:11-12:

1. Mayroong tunay na tunay na espiritwal na pakikipagdigma kung saan dapat tayong makilahok; dapat tayong makipaglaban upang matamo ang nagpapaloob ng lahat na Kristo para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, ang bagong tao, at ang kaharian ng Diyos—bb. 10-12; 1 Tim. 6:12a; 2 Tim. 2:3-4; Col. 1:13, 18; 2:19; 3:10-11.
2. Kung aangkinin natin si Kristo para sa ating pagtatamasa, kailangan nating maging isang sama-samang mandirigma, ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo, lumalaban at tinatalo ang mga makasatanas na puwersa upang makapagtamo tayo nang higit pang Kristo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo, nagtatatag at nagpapalaganap ng kaharian ng Diyos nang sa gayon ay makabalik si Kristo upang manahin ang lupa—Efe. 3:8; 4:16; Mat. 24:14; Apoc. 11:15.

*© 2023 Living Stream Ministry*